



INILABAS NA BALITA

ILALABAS KAAGAD: Ika-7 ng Pebrero, 2019

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Ralph Borrmann - 415.749.4900

Nagpondo ang Air District ng \$6 milyong mga gawad sa pagbawas ng pagpaparumi sa hangin

Pagpopondo para sa mga de-kuryenteng school bus, mas malinis na lokomotibo, paglalagay ng kuryente sa Caltrain at iba pang proyekto

SAN FRANCISCO –Inianunsyo ngayon ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District) na bumoto ang Lupon ng mga Direktor upang aprubahan ang pagpopondo para sa ilang pangunahing mga gawad na programa na magbabawas ng pagpaparumi sa hangin at mga gas ng greenhouse sa Bay Area.

Pinangangasiwaan ng Air District ang ilang programang insentibo na nagpopondo sa mga proyekto na itinataguyod ng mga pampublikong ahensiya at pribadong kompanya upang mabawasan ang pagpaparumi sa hangin, nakalalasong nagkokontamina sa hangin at mga gas ng greenhouse mula sa mga kotse, mga trak, mga sasakyang-dagat, mga lokomotibo, at mga pang-agrikultura at kagamitan sa konstruksiyon na pinatatakbo gamit ang diesel. Pinopondohan din ng Air District ang mga proyektong pagbawas ng biyahe, kabilang ang mga shuttle at pagpapaangkas, mga daanan ng bisikleta at garahe, at pagtuturo sa publiko.

“Tina-target ng Air District ang gawad na pagpopondo sa mga komunidad sa buong Bay Area upang mabawasan ang mapanganib na pagpaparumi sa hangin at protektahan ang pampublikong kalusugan,” ang sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Makakatulong ang gawad na salapi para sa mga proyektong malinis na makina na mapahusay ang kalidad ng

hangin at magsisilbing halimbawa sa kung paano makagagawa ng napakalaking kaibahan ang malilinis na makina sa mga komunidad kung saan sila ginagamit.”

Nagmumula ang pagpopondo para sa mga gawad na ito mula sa tatlong pinagkukunan sa buong estado kabilang: 1) Ang Programang Carl Moyer, isang pakikipagtulungan sa Lupon sa mga Tagatulong sa Hangin ng California upang mabawasan ang mabigat na pagpaparumi sa hangin mula sa diesel, at 2) ang Naililipat na Pinagkukunan ng Insentibong Pondo, na gumagamit ng \$2 na dagdag na singil sa pagrerehistro ng sasakyan sa Bay Area upang pondohan ang mga programang pagbabawas ng pagpaparumi sa hangin, at 3) ang Pondo sa Pagbabawas ng Mga gas ng Greenhouse, upang bawasan ang mga emisyon ng naililipat na pinagkukunan, nakalalasong nagkokontamina sa hangin at mga gas ng greenhouse sa lubhang mga apektadong komunidad.

Kasama sa mga proyektong awtorisado ng lupon ngayon ang:

De-kuryenteng mga school bus

Sa maraming taon, nagbigaya ang Air District ng pagpopondo sa mga distrito ng paaralan upang mabawasan ang mga epekto ng nakalalasong pagpaparumi sa hangin sanhi ng diesel sa mga bata sa pamamagitan ng pag-aalok sa mga distrito ng paaralan ng mga gawad upang mapatibay o palitan ang mga mas lumang mga diesel na bus, palitan ang mga bus sa mas malinis na likas na gas na gatong at palitan ang mga tangke ng siniksik na natural na gas (compressed natural gas, CNG) sa mga school bus. Sa mga pagsulong sa teknolohiya ng baterya, inaasahan ang mga bagong de-kuryenteng school bus na walang pagpaparumi sa hangin na magsimulang magsilbi sa ilang paaralan sa Bay Area simula sa 2019. Iginawad ng Air District ang milyun-milyon sa mga de-kuryenteng school bus at sa mga proyektong impra-istruktura sa pagcha-charge sa nakalipas na taon.

Lokomotibo ng Tren ng Alak ng Napa Valley

Maraming lokomotibo ang pinatatakbo ng mas luma at lubhang maruruming makinang diesel na kulang sa mga makabagong pagkontrol ng polusyon. Ang pag-a-upgrade sa mga lokomotibo na ito sa kasalukuyang mga pamantayan sa emisyon ay makakabawas nang malaki sa polusyon at magpapahusay sa kalidad ng hangin sa mga komunidad sa tabi ng linya ng tren.

Paglalagay ng kuryente sa Caltrain

Noong 2015, nangako ang Air District na maggawad ng \$20 milyon sa proyektong paglalagay ng kuryente sa Caltrain sa loob ng limang taon. Sa ngayon, ang mga inilaan ay kinabibilangan ng \$13 milyon noong 2016, \$3 milyon noong 2017, \$3 milyon noong 2018, at \$1 milyon sa 2019. Ang kasalukuyang inilaan na \$1 milyon ay kumakatawan sa huling yugto at pagtatapos ng pangakong \$20 milyong dolyar ng Air District. Inaasahang magsisimulang magpatakbo ng mga de-kuryenteng tren ang Caltrain sa 2022.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

#

Tanggapan ng Air District tungkol sa Mga Pakikipag-ugnayan

375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105

[Homepage ng Air District](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)